

TOMO XII - ISYU 2

ABRIL-HUNYO 2025

EDITORYAL

Mamamayang Mindoreño, labanan ang paninibasib ng imperyalistang US sa Mindoro! Makibaka para sa tunay na kalayaan, demokrasya at matagalang kapayapaan!

"*Insurgency free*" na Pilipinas bago matapos ang 2025—ito ang buong yabang na ipinapangako ng rehimen ni Ferdinand Marcos Jr. sa amo nitong imperyalistang US. Ang paghahabol ni Marcos Jr. at ng AFP sa dedlayn na ito ang nagtutulak ng kanilang pinaigting na kampanya kontra-insurhensya.

Dalawang layunin ng US ang tinutupad ng AFP sa pagpapaigting sa kontra-insurhensya: Una, supilin ang anumang paglaban ng mamamayan sa panghihimasok ng mga dayuhang kumpanya sa mga kapatagan, kagubatan, kabundukan at karagatan ng Pilipinas para dambungin at sairin ang mga yaman dito para sa parasitikong ganansya ng mga imperyalistang bansa. Ikalawa, durugin ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) at ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayang pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang tanging rebolusyonaryong organisasyon sa Pilipinas na lumalaban sa imperyalistang US at mga lokal na kasabwat nito sa pagpapahirap sa mamamayang Pilipino nang sa gayo'y maipihit na ang buong lakas at pokus ng AFP sa pakikipaggirian sa Tsina sa utos ng US.

Mistula mang malakas ang US dahil sa pagwawasiwas nito ng kapangyarihang pang-ekonomya at pang-militar, ang totoo'y iniinda nito ang matinding krisis.



Papaliit nang papaliit ang kita at tubo ng mga negosyo ng US sa harap ng krisis ng labis na produksyon. Baon ito sa gabundok na utang. Ang mamamayang Amerikano ay nilulugmok ng di nakabubuhay na sahod, kawalan ng trabaho, napakataas na gastusin sa batayang pangangailangan at serbisyo at iba pang problemang sosyo-ekonomiko.

Patuloy na dumadausdos ang US. Kung datiy kinakaya nitong pagharian nang solo ang buong mundo, ngayo'y umusbong na ang karibalnitong imperyalistang Tsina na humahamon sa paghahari ng US.

Sa pagtatangkang isalba ang sarili mula sa matinding krisis, bumabaling ang US sa pinakamasahol na imperyalistang pandarambong at pananamantala sa yaman ng ibang mga bayan. Pinaplano at inilulunsad ng US ang mga brutal na digma para muling hatiin ang kontrol sa daigdig at bigyang daan ang pandarambong at ekonomyang dominasyon sa mga atrasadong bayan gaya ng Pilipinas at maski sa mga kapwa nitong kapitalistang bayan.

Ang mapandigmang adyenda ng US at ang hibang na pangako ni Marcos Jr. na madudurog na ang rebolusyonaryong kilusan ngayong taon ay binibigyang mukha sa Mindoro ng di deklaradong batas militar na ipinapatupad sa pangunguna ng 203rd Infantry Brigade.

Sa ilalim ng batas militar na ito, buong layang nilalabag ng AFP-PNP-CAFGU ang mga batayang karapatan ng mga Mindoreño. Humihimpil ang

mga nag-ooperasyong sundalo sa sentro ng mga sityo at baryo mismo upang gawing panangga sa bala ang mga sibilyan. Kinakampuhan ang mga ito sa tabing ng "community support" o gawaing sibiko para sabayang mailunsad ang mga operasyong saywar at paniktik. Ipinapataw ang curfew, pagtala sa paglabas at pagpasok ng mga masa sa kanilang mga baryo, pagbabawal sa pagpunta sa kaingin, paglilimita sa nabibiling bigas at pagkain sa mga tindahan at iba pang pag-kontrol sa araw-araw na buhay ng masa. Ginagambala ng mga humihimpil na sundalo ang mga pamayanan dahil sa paglalasing, paninira ng pananim, pagnanakaw ng mga alagang hayop at tanim, di pagbabayad sa mga nasisira o binibiling mga gamit at pambabastos sa mga kababaihan. Anumang pagpapabango ng 203rd Brigade sa presensya ng mga tropa nito sa mga pamayanan, kinamumuhian ng mga Mindoreño ang mga AFP-PNP-CAFGU dahil sa perwisyong dulot ng militarisasyon sa kanilang mga buhay.

Liban pa sa pamemerwisyo, sistematikong kinukundisyon ng mga armadong pwersa ng gubyerno ang mga Mindoreño na matakot at maging kimi sa kabila ng matinding pang-aapi sa kanila. Ang pinakamasahol na terorismo ng estado ay humahantong sa pandurukot, pambubugbog, pisikal at mental na tortyur at pagpatay. Nariyan din ang pagmamayabang ng 203rd sa abanteng mga kagamitan at armas nito. Winawaldas ang daan libong pera ng taumbayan sa maya't mayang pagpapalipad ng mga drone at helicopter at pinapakalat ang kasinungalingang kaya nilang makita at bantayan ang lahat sa pamamagitan ng mga ito upang lalong sindakin ang masa.

Isinasagawa ang pambobomba at pang-iistraping nang walang pagsasaalang-alang sa epekto nito sa kalikasan at laluna sa masa na kung di napipinsalaan ay nagkakaroon ng matinding trauma.

Sa lahat ng mga ito ay may tuwirang pananagutan ang US: Ang Gabay sa Kontra-insurhensya ng US at mga tagapayo at konsultant nito ang naggigiya sa mga estratehiya at taktika ng AFP. Galing sa US ang mga kagamitan at armas na inaasinta ng AFP sa mamamayan. At kahit na batid ng gubyerno ng US ang sitwasyon sa karapatang tao sa Pilipinas, tuloy-tuloy pa rin nitong binubusog sa bilyun-bilyong dolyar na ayudang militar ang rehimen ni Marcos Jr.

Kaguluhan at kamatayan ang tanging hatid ng imperyalistang US. Walang hanggan ang pag-aasam nito sa kita, tubo at yaman ng buong mundo. Palagian itong nakahandang mandigma sa ngalan ng pang-ekonomyang interes nito. Kinakaladkad nito ang Pilipinas sa inuupatan nitong digma sa Asya Pasipiko. Sa Mindoro, ipinwesto nito sa Lubang Island ang Brahmos missile noong 2022. Nagpapatupad din ito ng mga proyektong ibayong mangwawasak sa kapaligiran at kabuhayan sa anyo ng mga dayuhang pagmimina at renewable energy projects. Tiyak na kamatayan ng masang Mindoreño ang pagpapawalambisa ng Korte Suprema sa mining ban ng Sangguniang Panlalawigan sa Occidental Mindoro pabor sa kahilingan ng Agusan Petroleum and Mineral Corporation na pagmamay-ari ng malaking burgesyang komprador na si Ramon Ang. Kaya naman lubhang pinapalakpakan ng mga dayuhang korporasyon at mga kapitalista ang hakbang na ito ng Korte Suprema kasabwat ang mga lokal na burukrata kagaya ni Gov. Bonz Dolor ng Oriental Mindoro.

Tanging sa pagkakaisa makapagtatanggol ang masang api laban sa lakas ng imperyalistang US. Dapat magkaisa ang mga Mindoreño para ipagtanggol ang lupa at likas-yaman ng isla na inihahain ni Marcos Jr. sa mga imperyalista. Kasabay nito ay dapat mailantad ang mga krimen sa digma laban sa mga Mindoreño na tuwirang pinopondohan at iniimpluwensyahan ng US. Dapat tuloy-tuloy na batikusin si Marcos Jr. sa pagiging tuta ng US, pagpapagamit sa adyenda nito sa digma at pagsasapanganib sa mga Pilipino.

Hindi malayo ang karanasan ng mga Mindoreño sa pandidigma ng US sa iba pang bahagi ng Pilipinas at maging sa ibang mga atrasado at aping bansa. Dapat makipagkaisa sa lahat ng mamamayang inaapi ng imperyalismo upang labanan ang patakaran nito ng walang hanggang pakikidigma.

127 taon mula nang unang sakupin ng US ang Pilipinas, nananatili ang makasaysayang tungkulin ng mamamayan na isulong ang digmang bayan upang makamit ang tunay na kalayaan at kapayapaan para sa lahat ng mamamayang api.

NILALAMAN

Editoryal 1
Katutubong Mangyan, pinaslang ng 4th IB 2
Tuloy ang laban ng mga Maligday 3
National Solidarity Mission sa Mindoro 3
Pagbasura sa mining moratorium sa Occidental 4
Taas-singil ng Calapan Water 5
Lathalain 6
NDF Mindoro Bulletin: Paano winawasak ng pasismo… 8
Bantay Karapatan 11
Kultura 12

BALITA

Katutubong Mangyan, pinaslang ng 4th IB

Walang-awang pinaslang ng mga sundalo ng 4th Infantry Battalion (IB) si Hulyo Aytag, higit 50 taong gulang isang Hanunuo-Mangyan nitong Marso. Malisyosong ipinagkakalat ng militar na si Aytag ay kaswalti sa isang labanan sa pagitan ng New People's Army (NPA) at mga sundalo.

Inilabas noong Marso 14 sa Facebook page ng 4th IB ang larawan ng labi ng isang lalaki na, ayon sa militar, ay isang NPA na napatay nila sa isang engkwentro. Nauna rito, pinakalat ng militar ang pekeng balita hinggil sa gawa-gawang labanan na naganap diumano

Mula sa pahina 2 (Balita)...

sa So. Cabuyao, Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro. Nang lumaon, mapag-aalamang ang biktima ay si Aytag na dinukot ng mga militar noong Marso 6 at iligal na idinetine at tinortyur nang ilang araw sa isang CAFGU Detatsment sa So. cabuyao, Brgy. Panaytayan, Mansalay saka iprinisintang napatay sa pekeng labanan noong Marso 14.

Pilit ngayong pinagtatakpan ng 4th IB ang kanilang krimen at ipinagkakait ang hustisya sa biktima at sa pamilya ni Aytag. Pinuntahan ng mga sundalo ang pamilya ni Aytag para takutin at sabihang huwag magsampa ng kaso laban sa mga sundalo.

Ang extrahudisyal na pagpaslang ng 4th IB kay Aytag ay resulta na ng walang tigil na focused and sustained military operation (FSMO) ng buong 203rd Infantry Brigade na nanghahalihaw sa pamayanan ng mga magsasaka at mga Mangyan sa Oriental mula pa buwan ng Enero. Ginagambala ng mga nag-ooperasyong sundalo ang mga baryo, kabundukan at kagubatan sa mga bayan ng Bulalacao, Mansalay, Roxas hanggang Bongabong. Kasabay nito, ang pagpapakawala sa mga pamayanan ng mga Hanunuo-Mangyan at Buhid ng mga Mobile Community Support Program (MCSP na dating RCSP) unit upang kampuhan ang kanilang mga sityo at ipailalim sila sa di deklaradong batas militar.

BALITA

Tuloy ang laban ng pamilya Maligday para sa hustisya



Louijie Maligday sa harap ng Ombudsman noong Abril 21, 2025. Larawan mula sa Facebook.

Limang buwan matapos magsampa ng kaso sa Ombudsman ang pamilya ni Jay-el Maligday, biktima ng brutal na pamamaslang ng 4^{th} IB noong Abril 7, 2024, nagsumite ng reply-affidavit ang pamilya Maligday noong Abril 21, 2025 upang pasubalian ang mga kasinungalingan at palusot ng mga militar.

Sa nilaman ng counter-affidavit ng mga militar, ipinapasa nito ang bigat na patunayang sibilyan si Jay-el sa pamilya Maligday. Giit ng pamilya at ng kanilang abogado, nasa militar ang bigat na patunayan ang mga paratang laban kay Jay-el na humantong sa brutal na pagpaslang sa kanya noong nakaraang taon.

Pawang kasinungalingan din umano ang pagmamatigas ng mga militar na palabasing lehitimo ang isinagawa nilang operasyon. Hanggang ngayon ay hindi makapagbigay ng matibay na patunay ang mga militar na kasapi si Jay-el ng rebolusyonaryong armadong grupo. Nauna nang pinabulaanan ng NPA-Mindoro ang paratang ng militar na isang Pulang mandirigma ng NPA si Jay-el.

Nagkasa din ng pagkilos ang mga grupo at taga-suporta sa pagkakamit ng hustisya para kay Jay-el sa harap ng Ombudsman noong Abril 25. Pinangunahan ang pagkilos ng Justice for Jay-el Maligday Network. Nagsalita si Louijie Maligday, kapatid ni Jay-el sa programa. Sa pahayag ni Louijie, diniinan niya ang kahalagahan ng paglaban at paninindigan ng

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina...

BALITA

National Solidarity Mission: Pakikiisa sa panawagan ng mga Mindoreño



Konsultasyon sa Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro noong Abril. Larawan mula sa Facebook

Matagumpay na isinagawa ang National Solidarity Mission (NSM) ng mga organisasyong nagtatanggol sa karapatang pantao sa isla ng Mindoro nitong Abril 8-11. Layunin ng NSM na magbigay ng kagyat na tulong sa mamamayang apektado ng matinding militarisasyon at lumalalang krisis pang-ekonomya. Tugon ang NSM sa sunod-sunod na operasyong militar mula Pebrero hanggang Marso na nagdala ng takot at pagkawasak sa buhay at kabuhayan ng masang Mindoreño.

Nauna nang nailantad ng Fact-Finding Mission (FFM) ng mga grupo sa karapatang tao noong Pebrero ang epekto ng di deklaradong batas militar ng 203^{rd} Brigade sa Mindoro. Isiniwalat at binatikos ng fact-finding team ang malawakang paglabag sa karapatang tao ng mga Mindoreño na kaakibat ng pinaigting na focused military operations (FMO) ng 203rd Brigade at pagkontrol nito sa mga lokal na pamahalaan.

Pinangunahan ng Defend Mindoro, Southern Tagalog Serve The People Corps (STPC), Koalisyong Makabayan at nilahukan ng iba't ibang organisasyon sa pambansa at rehiyon ang NSM. Nanguna ang STPC sa pagsasagawa ng relief operations habang pinangunahan ng mga kumandidatong senador ng Koalisyong Makabayan ang konsultasyon sa mga pamayanan at iba't ibang sektor.

Inilantad ng mamamayang Mindoreño ang kanilang malubhang kalagayan laluna ng mga katutubong

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina...





Mula sa pahina 3 (Balita)...

kanilang pamilya at mga taga-suporta para makamit ang hustisya para sa kanyang kapatid.

"Alam naming mas darami pa ang magiging biktima ng pagpatay ng mga Army sa katulad naming mga katutubo kung hindi kami lalaban para ipagtanggol ang aming karapatan," ani ni Louijie Maligday.

Isang taong paghahanap ng hustisya

Isang taon nang walang hustisya para sa pamilya Maligday. Sa halip na panagutan ng 4th IB at 203rd Infantry Brigade ang extrahudisyal na pagpaslang kay Jay-el , tuloy-tuloy na pananakot, harasment, at intimidasyon ang ginagawa ng mga berdugong militar sa pamilya at kaanak nito. Naibahagi ni Louijie na hindi sila tinatantanan ng mga intel ng militar. Malinaw ang layunin nitong takutin at patahimikin sila. Mula Nobyembre ng nakaraang taon, paulit-ulit na binisita ng mga intel ang pamilya ni Louijie na nagdulot naman ng higit na pangamba sa mag-ina nito.

"Hindi kami matatakot at lalong hindi kami titigil na manawagan hanggat hindi nakakamit ang tunay na hustisya para sa aking kapatid," patuloy na saad ni Louijie sa tapat ng opisina ng Ombudsman.

Masalimuot man at mabigat, patuloy ang paglaban ng pamilyang Maligday para panagutin ang 4th IB at 203rd Brigade para sa marahas na sinapit ni Jay-el sa kamay ng mga militar. Panawagan ni Louijie at buong pamilyang Maligday: Palayasin ang mga militar sa kanilang mga pamayanan, tigilan ang pananakot sa kanilang pamilya at panagutin ang lahat ng salarin sa pagpaslang kay Jay-el.

Si Jay-el Maligday ay 22 taong gulang na kabataang Mangyan-Hanunuo at mag-aaral sa Grace Mission College. Pinaslang siya ng mga sundalo ng 4th IB sa kanilang tahanan sa So. Soriawon, Brgy. Nasucob, Bulalacao, Oriental Mindoro noong madaling araw ng Abril 7, 2024.

Mula sa pahina 3 (Balita)...

Mangyan, magsasaka, mangingisda at manggagawang bukid. Sila ang pinaka-bulnerableng biktima ng pinatitinding supresyong militar sa kanayunan ng Mindoro. Tumampok sa mga konsultasyon ang patuloy na malawakang kawalan ng lupa ng magsasaka, mababang presyo ng produktong bukid, mahal na presyo ng langis at gasolina, barat na sahod ng manggagawa at ang pribatisasyon ng mga batayang pangangailangan tulad ng tubig. Diniinan sa mga konsultasyon ang dobleng hambalos ng mga problemang ito sa mga pamayanan ng mga Mangyan.

Kinundena naman ng Koalisyong Makabayan ang nagpapatuloy na mga operasyong militar at binigyang-diin ang lumalaking bilang ng paglabag sa karapatang tao kabilang ang pagpaslang kay Jay-el Maligday noong Abril 2024 at kay Hulyo Aytag nitong Marso 2025.

“Paglabag sa Internasyunal na Makataong Batas ang pambobomba at istraping ng mga militar na nagdudulot ng matinding trauma sa mga bata at komunidad. Nagsisitakbuhan ang mga bata sa tuwing makakakita sila ng eroplano at helikopter na sanhi ng kanilang trauma,” pahayag ni Liza Maza, kumandidatong senador at tagapangulo ng Koalisyong Makabayan.

Matatandaang magkakasunod ang mga labanan sa pagitan ng AFP at mga yunit ng NPA sa Mindoro mula Pebrero hanggang Marso dahil sa desperasyon ng militar na durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa isla. Subalit mga sibilyang komunidad ang naging biktima ng mga pambobomba, istraping, food blockade at iba pang paglabag sa karapatang tao ng AFP.

“Mayaman ang isla ng Mindoro ngunit hindi ito kailanman napakikinabangan ng mamamayan nito. May matinding militarisasyon sa kanayunan dahil nariyan ang mga mapangwasak na proyekto ng mga dambuhalang korporasyon," ani Erbel Miranda, tagapagsalita ng Defend Mindoro. "Anumang panunupil at pananakot, hindi ... kayang patahimikin ang tapang at militansya ng bawat Mindoreno na ipaglaban ang [kanilang] demokratikong karapatan.”

Tumagal ang aktibidad ng apat na araw. Nilibot ng NSM ang mga bayan ng Calapan, Naujan, Pola, Bongabong, Mansalay at Bulalacao. Nilagom ang resulta ng NSM sa isang press conference ng Koalisyong Makabayan at Defend Mindoro. Iprinisinta ang inabot ng mga konsultasyon at imbestigasyon sa mga paglabag sa karapatang pantao sa press conference.

BALITA

Pagbasura sa moratorium sa mina sa Occidental Mindoro: Ligal na pandarambong, atake sa kalikasan at karapatan sa lupa

Ibinasura ng Korte Suprema nitong Mayo 14 ang mga lokal na ordinansa ng Occidental Mindoro na nagbabawal sa malakihang operasyon ng mina. Ayon sa Korte, ang moratorium ng Occidental ay labag umano sa Philippine Mining Act of 1995, isang batas na malaon nang nalantad na pumapabor sa mga dayuhan at dambuhalang kumpanya.

Nagmula ang desisyon sa petisyon ng Agusan Petroleum and Mineral Corporation, pagmamay-ari ng San

Miguel Corporation (SMC) ng burgesya-kumprador na si Ramon Ang. Layunin ng kumpanyang ito na muling buksan ang mga kabundukan ng Mindoro para sa dambuhalang operasyon ng mina sa kabila ng mariing pagtutol ng mga Mindoreño.

Ligal na pandarambong

Ang Philippine Mining Act of 1995 na pinagbatayan ng Korte Suprema ay matagal nang binabatikos bilang maka-dayuhan, maka-burgesya kumprador at burukrata-kapitalista ngunit anti mamamayang patakaran. Ang desisyon ng Korte ay hindi lamang usapin ng ligalidad; ito ay aktwal na pagwawalang-bahala sa karapatan ng mga lokal na pamahalaan at ng mga mamamayan na protektahan ang kalikasan at mga likas-yamang pinagmumulan ng kanilang buhay at kabuhayan. Isang mukha lamang ang desisyon ng Korte hinggil sa moratorium ng Occidental ng patakaran ng gubyerno ni Ferdinand Marcos Jr. ng buong buong pagbebenta sa Pilipinas sa mga dayuhang negosyo at kanilang mga lokal na kasabwat. Sa pagbasura sa moratorium, ginagawang ligal ng Korte ang pangwawasak sa lupa, buhay at kabuhayan ng mamamayan sa Mindoro at buong bansa sa ngalan ng kita at tubo para sa mga dambuhala at dayuhang negosyo.

Tuloy ang laban para sa lupa, kabuhayan at kalikasan. Hindi ito ang unang pagtatangka ng mga dayuhan at lokal na naghaharing uri na dambungin ang likas-yaman ng Mindoro. Noon pa man, isa na sa pangunahing target ng mga kumpanya sa mina ang isla. Ngunit ilang beses na ring napatigil ang mga mapangwasak na operasyon ng mina ng paglaban dito ng mga magsasaka, katutubong Mangyan, mangingisda, taong simbahan at iba't ibang progresibong grupo. Noong dekada '80 napalayas ang FFCruz na nagmimina ng coal sa Bulalacao, Oriental Mindoro. Habang tumampok naman ang paglaban ng mga Mindoreño sa Mindoro Nickel Project ng Intex Resources noong dekada '90 hanggang 2000. Ang mga lokal na moratorium sa mina ng parehong prubinsya ng Mindoro ay bunga ng matagumpay na pagtatanggol ng mga Mindoreño para sa lupa, kabuhayan at kalikasan.

Maraming ulit nang napatunayan na ang dambuhalang mga negosyo sa mina ang ugat ng pagbaha, pagguho ng lupa, polusyon at sapilitang pagpapalikas sa mga pamayanan. Ang pagmimina ay direktang banta sa kalupaan, kabundukan at mga katubigan na pinagmumulan ng pagkain, kabuhayan at iba pang pangangailangan ng libo-libong mamamayan. Bukod pa rito, ang mga operasyong mina ay may kakambal na militarisasyon, pananakot at karahasan laban sa mga magsasaka, katutubo at sinumang tumututol sa mga nasabing operasyon. Kung gayon, makatwiran, makatarungan at kailangang kailangan ngayon ang pagtutol ng mga Mindoreño sa nakaambang panghihimasok ng mga kumpanya sa mina. Dapat ipagtanggol ng mga Mindoreño ang kanilang karapatan sa lupa at kabuhayan pati na rin ang likas-yamang ibinebenta ni Marcos Jr. sa mga dayuhan kapalit ng bahagi sa bilyun-bilyong kita para sa kaniya at mga kasosyong lokal na naghaharing uri.

BALITA

Bagong patakaran sa taripa ng Calapan Water, iniiga ang bulsa ng mga Calapeño

Range	Cubic Meters	Rate per cu.m.	Subtotal
0–5	5 cu.m.	₱254.00 (fixed minimum)	₱254.00
6–10	5 cu.m.	₱58.50	₱292.50
11–13	3 cu.m.	₱89.00	₱267.00

Total (Water Charge Only):
₱254.00 + ₱292.50 + ₱267.00 = ₱813.50

+ Other Charges:

- **MRF (Materials Recovery Facility):** ₱40.00
- **CW Subsidy (Discount):** –₱30.00

Halimbawa ng komputasyon ng konsumo ng isang residensyal na konsumer

Dobleng singil sa tubig ang sumalubong sa mga Calapeño ngayong Hunyo dahil sa di-makatwirang taripa ng Calapan Water.

Galit na ibinahagi ni Nanay Persing, isang maybahay mula sa Calapan, na lumobo sa ₱3,950.30 ang kanilang bayarin sa tubig para sa buwan ng Hunyo. Lumaki ng 159% (o katumbas ng ₱2, 425.10 na dagdag) ang kanilang bayarin kumpara sa ₱1,525.20 na binayaran noong Mayo para sa kasindaming konsumo ng tubig. Reklamo naman ng pamilya ni Tatay Diego na kumokonsumo ng 13 *cubic meters* (cu.m.) kada buwan, sumirit sa ₱823.50 ang kanyang babayaran para sa Hunyo mula sa ₱521.17 noong Mayo. Dagdag pa ni Tatay Diego, "Ang arawang kinikita ko lamang ay ₱400 tapos pasukan na. Nagtaas din ang ORMECO at ngayon ito namang Calapan Water. Talaga hong di na mapagkasya ang kinikita kahit anong gawing pagtitipid!"

Sa bagong patakaran ng Calapan Water, ang mga residensyal na konsumer na kumukonsumo ng hanggang 5 cu.m. *fixed minimum* ay magbabayad ng ₱254.00. Ipapataw naman ang ₱58.50/cu.m. na taripa sa mga gumagamit ng 6-10 cu.m. tubig. Kapag umabot naman ng 11-20 cu.m. ang konsumo, ₱89.00/cu.m. ang taripa, ₱96.00/cu.m. para sa 21-30 cu.m. na konsumo, ₱106.80/cu.m at ang kokonsumo ng higit sa 40 cu.m. ay magbabayad ng ₱111.80/cu.m. Bukod dito, ibinaba rin ng Calapan Water ang metro ng *fixed minimum* mula 10 cu.m. tungong 5 cu.m. na lalong pabigat para sa mga konsumer.

Para naman sa mga komersyal o industriyal na konsumer, ang *fixed minimum* na 15 cu.m. ay may taripang ₱101.70/cu.m. (katumbas ng ₱1,525.50 na *fixed rate*). Samantala, may ₱111.50/cu.m. na taripa sa 16-30cu.m. na pag-konsumo ng tubig. Umabot naman sa ₱152.50/cu.m. ang taripa sa sa 31-500

cu.m., ₱183.00/cu.m. para sa 500-1000 cu.m. at ₱203.40/cu.m. naman para sa mahigit 1,000 cu.m. na konsumo ng tubig.

Inirereklamo rin ng mga Calapeño ang kulay ng tubig na lumalabas sa kanilang mga gripo. Pagbabahagi ni Nanay Nelia, "Nagmahal ang tubig ngayon pero kulay putik naman ang sinusuplay na tubig ng Calapan Water!"

Pinangangambahan ng mga konsumer ang maaaring panganib sa kanilang kalusugan kung mainom nila ang maputik na tubig. Gayunman, walang magawa ang mga residente ng Calapan City dahil hibas na ang mga dating pinagkukunan nila ng tubig.

Taong 1991 nang itatag ang Calapan Waterworks Corp. (CWWC) na mas kilala na ngayon bilang Calapan Water. Subsidyaryo ito ng Ormina Development Corporation na pag-aari ng Jolliville Holdings Corporation (JoH) ng panginoong maylupa-burgesya kumprador na si Jolly Ting.

Sa operasyon ng CWWC, gumawa ito ng pitong balon sa Calapan City na pinagmumulan ng ground water. Gumagamit ang kanilang operasyon ng sampung boosters para mapabilis ang pagkuha at distribusyon ng tubig patungo sa mga konsumer. Resulta nito, nahihibas ang iba pang pagkukunan ng tubig dahil nahihigop na ito ng mga booster ng Calapan Water.

Napakalaking pasanin para sa mga karaniwang Calapeño na kumikita lamang ng ₱300-430.00 kada araw ang magkasabay na taas-singil sa tubig at kuryente. Lalo nitong iniiga ang bulsa ng mga Calapeño. Iginigiit ng mga konsumer ng Calapan Water na imbestigahan ang bagong patakaran ng Calapan Water. Naninindigan ang mga Calapeño na dapat wakasan ang pribatisasyon ng mga batayang serbisyo na dahilan ng di maawat na taas-singil. Hindi mawawakasan ang krisis sa tubig at kuryente hanggat kontrolado ng iilang pribadong kumpanya ang operasyon at distribusyon ng kuryente at tubig sa lalawigan ng Oriental Mindoro.



LATHALAIN

LUMALABAN ANG MGA MINDOREÑO SA PANDARAMBONG SA KALIKASAN SA MINDORO

Magiting na nilalabanan ng mamamayan ng Oriental Mindoro ang garapalang pagbibenta ni Gob. Humerlito “Bonz” Dolor ng likas na yaman ng Mindoro sa mga kumpanyang lokal at dayuhan. Sa tabing ng mga proyektong “pangkaunlaran” at “*disaster management*”, naikukubli sa marangal na katawagan ang iba't ibang anyo ng *surface mining* na maghahatid ng malupit na sakuna sa isla. Tahasang nilalabag ng administrasyon ni Bonz Dolor ang *mining moratorium* sa prubinsya na produkto ng nagkakaisang tinig at tindig ng mga Mindoreño.

DREDGING

Habang ibinabandera ang proyektong “*river restoration*” bilang aksyong kontra-baha, niratsada ni Dolor ang pagpapasok ng mapangwasak na *dredging operations* na nakabalangkas talaga sa operasyon ng *surface* o *sand mining.*

Sasaklawin ng mga dredging operations ang mga mayor na ilog sa Oriental kabilang na ang Subaang River sa San Teodoro, Alag River sa Baco, Bucayao-Silonay River sa Calapan, Mag-asawang Tubig sa Naujan, Pula River sa Pola, Balete River sa Gloria, Bongabong River sa Bongabong, mga ilog ng Wasig, Cagankan at Mansalay sa Mansalay, Maujao at Cawacat sa Bulalacao.

Noong Abril, hinarang ng mga taga-Sapul, Gutad, at Navotas sa Calapan City ang pagpasok ng malalaking trak na gagamitin sa “*sand testing*” sa baybay dagat ng lungsod. Kataka-taka para sa mga residente kung bakit kailangan pa ang *sand testing* kung nais lutasin ang pagbaha sa Calapan na pangunahing isinisisi ng gubyerno sa pagbanlik sa Bucayao-Silonay River kaya kailangan itong i-dredge. Bumuhos din ang online protests at naglunsad ang mga Calapeño ng pampublikong konsultasyon sa pangunguna ng Mindoro Forum Network noong ika-9 ng Mayo sa Brgy. Silonay.

Sa nasabing konsultasyon, nagpaligoy-ligoy ang kinatawan ng Department of Environment and Natural Resources-Environmental Management Bureau (DENR-EMB) MIMAROPA. Pagdadahilan ng mga kawani na hindi sila awtorisadong sumagot bilang pagsunod sa isang “*memorandum*” kaugnay sa pagsasalita sa publiko hinggil sa *dredging* kung may *media coverage*. Lalong naging kwestyonable ang proyekto at nagatungan ang pagtutol nila dito. Nagkaisang maglabas ng resolusyon ng pagtutol sa proyekto ang Sangguniang Barangay ng Silonay na siyang pangunahing sayt ng dredging.

Lalong sumiklab ang galit ng mamamayan ng Oriental nang malantad ang *large-scale sand mining* sa bukana ng Balete River at baybay-dagat sa bayan ng Gloria na ginagawa ng Southern Concrete Industries. Ang buhangin ay ibinebenta sa San Miguel Aerocity Inc. para sa itinatayo nitong New Manila International Airport Project sa Bulacan. Nagkakahalaga ang kontrata ng kabuuang ₱3.1B o ₱83.67 kada metro kubiko ng buhangin. Nalantad din sa publiko na ang 38 milyong metro kubiko ng buhanging kukunin para sa "*river restoration,*" ng Balete River ay aabot sa karagatan na saklaw ng munisipal waters na pangisdaan ng maliliit na mangingisda at pinagkukunan ng dagdag na pagkain ng mga residente. Apektado ng proyektong ito ang mga barangay ng Balete, San Antonio, Alma



Larawan mula sa Inquirer.
Isa sa mga barko ng Southern Concrete Industries Inc. na nagdedredging sa Balete River, Gloria Oriental Mindoro.

Villa, Narra, Papandungin at Malayong.

May pagkilos din ang mamamayan ng Baco upang tutulan ang planong *large-scale dredging* na gagawin ng Bird's Nest Resources Corporation sa Alag River.

Malinaw sa mga apektadong residente na nagdudulot ang mga pakunwaring proyektong *dredging* ng tuloy-tuloy na pagtabag ng lupa sa tabing ilog at baybay-dagat. Di na makapanumbalik (o irreversible) ang epekto sa ecosystem oras na mawala ang ganito karaming buhangin kung kaya pinsala ang idudulot nito sa mamamayan. Pagkawasak ng kabuhayan ng maliliit na mangingisda at mga magsasaka ang ihahatid nito at dislokasyon sa buhay at kabuhayan ng mga Mindoreño. .

Sa tangkang busalan ang bibig ng mga mamamayang tutol sa pekeng *river restoration,* nagpatawag si Dolor ng pakitang-taong konsultasyon sa Gloria, kung saan kapal-mukha niyang iginiit na tanggapin na lamang ang proyekto. Aminado mismo si Dolor na maapektuhan ang kabuhayan ng mga mangingisda sa baybayin ng Gloria kaya nag-aalok siya ng mga "tulong" gaya *livelihood program* at *scholarship* para sa isang taon. Hindi umubra ang mababangong buladas ni Dolor at mariing iginiit ng mga Gloriano na ang mga programang ito ay hinding-hindi makasasapat sa pangangailangan ng bawat pamilyang mapipinsala ang hanapbuhay dahil sa tatlong-taong proyektong *dredging*. Ganito ring pakete ng tulong ang iniaalok niya sa mga mamamayan ng Baco.

Pinatatahimik rin ng administrasyong Dolor ang upisyal ng mga barangay at mga sangguniang bayan na nagpapahayag ng mariing pagtutol sa nasabing mapangwasak na mga proyekto.

QUARRYING

Sa buong Oriental, may 68 na rehistradong *quarry operations*. Tatlo rito ang nagka-kwari ng *metallic*; 65 naman ang kumukuha ng buhangin at graba o *non-metallic*. Bukod pa rito ang malaking bilang ng mga di rehistradong operasyon na wala o paso na ang mga *permit* at nanghihiram na lamang ng permit sa mga rehistradong opereytor kapalit ng pagbabayad ng *royalty* na dagdag sa kita ng mas malalaking opereytor.

Ang Premium Megastructures, Inc. sa Gloria ang pinakamalaking *quarry operator* sa Oriental. Nag-oopereyt ito sa kabuuang 10.89 ektarya sa Balete River. Mayroon itong sariling daungan sa So. Zona, Brgy. Kawit para maibyahe nang walang sagabal ang mga bato at buhangin palabas ng isla.

Sa mga lokal na opereytor, pinakamalaki ang Thunder King Enterprises & Construction ni Calapan City ex-mayor Malou Murillo at King's Builders & Development Corp. ni Bongabong Mayor Elgin Malaluan. Sa mga bayan ng Oriental, matatagpuan ang pinakaraming *quarry sites* sa Bongabong na may 24 *sites*.

Naujan ang ikalawa sa may pinakamaraming *quarry operators* na may 13 *sites* na sumasaklaw sa walong baryo. Sa Ilog Bucayao pa lamang, hindi bababa sa 60,000 toneladang graba at buhangin kada buwan ang kinukuha dito na nagwasak sa lupaing dating masaganang taniman at tirahan. Sa obserbasyon ng mga Naujeño, humihina ang pundasyon ng pampang ng mga ilog dahil sa pag-kwari sa Bucayao at sa iba pang malalaking ilog nito. Pinsala sa tirahan at kabuhayan ang dulot ng kwari na libong ektaryong mayabong na lupang agrikutural na ngayon ay bakanteng buhanginan Naiulat din ang mga kaso ng pagpapalayas sa naninirahan at nagsasaka sa mga lupaing saklaw ng mga *quarry site*.

Maraming sangguniang barangay ang naglalako sa kwari bilang mapagkukunan ng kita ng barangay. Kapit sa patalim na hakbang ito dahil sa kawalan ng pondo ng nasa mababang yunit ng lokal na gubyerno. Sa kaduluhan, pagliit ng kita ang ihahatid nito sa barangay kakambal ng karalitaan at pagliit ng produksyon ng agrikultura dahil sa pagkasira ng lupang matatamnan.

MALAWAKANG PAGMIMINA

Tatlong taon matapos pahintulutan ni Dolor ang pagmimina ng *armour rocks* sa Oriental, nagaganap ang pagdami ng nag-oopereyt ng surface at sand mining sa probinsya. Kinatigan naman ng reaksyunaryong gubyerno ang interes ng mga dambuhalang kumpanya sa pagmimina sa pagpawalambisa ng Korte Suprema sa *mining moratorium* ng Occidental nitong Mayo. Patuloy rin ang paglalabas ng pahintulot sa pagmimina ng DENR ayon sa patakaran ng rehimeng Marcos Jr na palalakasin ang sektor ng pagmimina para diumano lumaki ang kita ng gobyerno habang isinasapanganib ang buhay at kabuhayan ng mamamamayan.

Mindoro Nickel Project

Sa kabila ng *moratorium* sa Oriental, ibinalik ang ng Mines and Geosciences Bureau (MGB) ng DENR ang Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) para sa Mindoro Nickel Project (MNP). Noong Marso 2024 muling iginawad sa kumpanyang Crew Minerals ng rehimeng Marcos Jr ang MPSA mula sa pagkansela nito noong Hulyo 2001 na resulta ng malawakang pagtutol dito ng mga Mindoreño. Samantala, ang Aglubang Mining Corporation, isang subsidyaryo ng Mindex ay nanatiling nag-oopereyt sa buong panahong kanselado ang MPSA at kahiman napalipat ang mayhawak ng MNP mula sa Mindex ASA tungong Crew Minerals at ngayon sa Intex Resources ASA.

Sa kabuuan, umaabot sa 11, 315.41 ektarya ang sasaklawin ng MPSA nito na tatampalasan sa Upper Amnay Watershed Region na pinagmumulan ng mga ilog ng Amnay sa Occidental Mindoro at ng Aglubang, Ibolo at Buraboy na mayor na tributaries ng Mag-asawang Tubig sa Oriental bukod pa ang di mabilang na mga sapa at bukal na nagsusuplay ng tubig dito. Mayroon ding MPSA ang Alag-ag Mining, Inc. sumasaklaw sa 3,474.74 ektarya sa Sablayan at 863.91 ektarya sa hulo ng Victoria na may bisa hanggang Hunyo 2035. Sa tusong maniobra ng mga kumpanyang ito, nailarga nila ang mga komponente ng proyekto maging sa panahong suspendido ang MPSA nito. Naipatupad nila ang MCIR o ang Mindoro Cross Island Road na tumatagos sa gitna mismo ng saklaw ng proyekto mula Sablayan hanggang Victoria. Naisagawa din ang isang mahabang tulay (halos kalahating kilometro) upang mapasok ng mabibigat na trucks ang Ilog ng Ibolo, Aglubang at Buraboy sa Villa Cerveza, Victoria. Inilalatag naman ngayon ang social preparations sa pagtatayo ng hydro-electric power plant sa upstream ng mga ilog na ito upang matipon ang malaking bulto ng tubig na kailangan sa pagproseso ng mataas na kalidad ng nickel at iba pang mineral.

Ginagamit na panghalina ng mga residente ang murang suplay ng kuryente na ihahatid ng dam. Tuluy -tuloy din ang mga serbisyong panlipunan na nagpapalambot sa opinyong publikong pabor sa pagmimina. Kabilang dito ang mga pabahay, livelihood program, tree planting, suplay ng inuming tubig, pagpapatayo ng mga access roads, bukod pa ang mga food packs at groceries na pana-panahong ipinamumudmod sa mga inaalagang pamayanan na pabor sa pagmimina.

Sa pagsusulong ng digmang bayan, isinusulong din ang rebolusyong agraryo (RA) na lulutas sa kawalan ng lupa ng mga magsasaka at manggagawang bukid, maipagtatanggol ang karapatan ng mamamayan sa likas na yaman at laban sa pang-aagaw at pandarambong nito.

Noong huling bahagi ng 2024, kabi-kabila ang papulong para itulak ang mga katutubong Mangyan-Tadyawan na tanggapin ang pagmimina at dam. Nito namang huling linggo ng Abril, nagpatawag ng pulong ang National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) sa Brgy. Villa Cerveza na naging mapanghati sa pagkakaisa ng mga katutubong Alangan sa Victoria at Naujan. Kinukumbinsi nila ang mga taga-Naujan na pumayag na sa proyekto dahil hindi na umano sila sasaklawin habang ginigipit naman ang mga katutubong Alangan ng Victoria.

Ang malala pa, pinagkakaitan ng mga batayang serbisyo ng lokal na gubyerno at DSWD ang mga katutubong Tadyawan sa Victoria at may kondisyong maibibigay lamang ito kung papayag na sila sa pagmimina at dam at magpapaloob sa mga komunidad na tinipon ng Intex. Nilulunod ng mga ayuda at proyektong “pangkaunlaran” ng Intex at gubyerno ang mga komunidad para pumabor sa pagmimina.

Digmang bayan para sa pagtatanggol sa kalikasan

Pinatutunayan ng kaganapang ito na hindi nagsisilbi sa kapakanan ng api at pinagsasamantalahang Mindoreño ang administrasyong Dolor at ang rehimeng Marcos Jr. Halimbawa sila ng mga burukrata na naglilingkod sa mga panginoong maylupa at burgesya-kumprador at sa malalaking dayuhang kapitalista. Pinatunayan din ng mga Mindoreño na tanging sa sama-samang pagkilos maipagtatanggol ang kanilang mga karapatan, kabuhayan at ang kalikasan .Ang pagkakaisang ito ang nagresulta sa kapasyahang bayan na *moratorium* sa pagmimina sa parehong prubinsya.

Ngunit, pinatunayan din ng kasaysayan na pilit iniikutan ang kapasyahang ito ng mga ganid na naghaharing-uri kasabwat ang matataas na burukrata at opisyal-militar. Kapag ang pagtutol ng mamamayan ay bumabangga sa interes ng nasa kapangyarihan, pinakikilos nila ang lahat ng galamay ng buong reaksyunaryong gubyerno para hadlangan ang anumang tagumpay ng pakikibaka ng mamamayan. Pangita ito sa paggamit ng mga kumpanya ng mina sa Korte Suprema upang sagasaan ang lokal na mining moratorium sa mga probinsya para gawing ligal ang kanilang pandarambong sa kalikasan.

Higit sa lahat, ang paggamit nila ng terorismo laban sa mamamayan sa bata-batalyong AFP-PNP-CAFGU bilang instrumento sa pagpasok ng mga dambuhalang negosyo at pagsupil sa anumang pagtutol ng mamamayan.

Sa gayon, dapat suportahan ng mamamayan ang rebolusyonaryong programa para isulong ang kanilang interes laban sa mapangwasak at mapandambong na mga negosyo. Lalong napatutunayan na ang digmang bayan na nilalahukan ng malawak na mamamayan ang tanging masasaligan ng mga Mindoreño at sambayanan. Sa pagsusulong ng digmang bayan, isinusulong din ang rebolusyong agraryo (RA) na lulutas sa kawalan ng lupa ng mga magsasaka at manggagawang bukid, maipagtatanggol ang karapatan ng mamamayan sa likas na yaman at laban sa pang-aagaw at pandarambong nito. Magagarantiyahan ang lupang ninuno at karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ng mga katutubong Mangyan. Maibubunsod ang pambansang industriyalisasyon sa pangunguna ng uring manggagawa.

Kailangang suportahan ang Bagong Hukbong Bayan, upang hawanin ang landas sa pagtatag ng demokratikong kapangyarihan ng mamamayan na ipapalit sa kasalukuyang bulok na gubyerno.

Ito lamang ang tanging daan upang makakamit ng mga Mindoreño ang tunay na demokraya at matutugunan ang karapatan sa lupa, buhay at kalikasan.

NDFP-MINDORO BULLETIN



NDFP-MINDORO BULLETIN

Paano winawasak ng pasismo ng 203rd Brigade ang kabuhayan ng mga Mindoreño?

Tanda ng lumalalim na krisis sa lipunang Pilipino, ibinubuhos ng rehimen ni Ferdinand Marcos Jr. ang bilyong pondo ng bayan sa militarisasyon at madugong kontra-rebolusyonaryong gera sa kanayunan. Ang pagwawaldas ng gubyerno ng pera sa pasismo ay walang habas na ginagawa habang pinapabayaan naman ang mga mamamayan na magtiis sa katiting na sahod at kita na di na sumasapat kahit pantawid-gutom man lang.

Sa Mindoro, ipinakat ang sampu't kalahating batalyon ng AFP-PNP-CAFGU para sa kontra-rebolusyonaryong gera sa isla. Sa pamumuno ng 203rd Infantry Brigade at PNP MIMAROPA, pinapatupad ang mga patakarang ala batas-militar na nakakaabala sa pagtratrabaho at iba pang pang-araw-araw na gawain ng mga masa. Kasabay nito ang walang-tigil na mga operasyong militar na nagtataboy sa mga masa mula sa kanilang mga kaingin, koprasan, ulingan at prutasan. Labis nitong pinipinsala ang kabuhayan ng mga magsasaka at katutubong Mangyan, laluna ngayong inihahanda ang mga taniman sa parating na tag-ulan.

Pahirap sa Hanapbuhay

Kaakibat ng mga combat operations ng AFP-PNP, ipinatutupad din hanggang sa antas sityo ang Mobile Community Support Program Operations (MCSPO), Enhanced Community Local Integration Program (E-CLIP) at iba pang programang nagbabalat-kayong pang-sibiko upang kampuhan ang mga pamayanan. Kasunod na ng pag-kampo sa isang lugar, inilulunsad ang matinding psywar sa mga residente. Sinasalang ang mga masa sa iligal na interogasyon, pananakot, panunuhol, panghaharas, pamimilit na umamin na mga "supporter ng NPA" at sumuko pati na rin pag-aalok na maging lokal na aset ng militar.

Ayon sa panayam sa isang Mangyan-Hanunuo sa Mansalay, Oriental Mindoro, naging problema niya ang biglaan at iligal na interogasyon sa kanya ng militar maghapon dahilan para hindi siya makapasok sa arawang trabaho kung saan sumasahod siya ng ₱450.00. Aniya malaking kabawasan ito sa panggastos niya sa araw-araw, kasama ang budget niya sa bigas na ₱550.00 kada linggo para sa kaniyang lima-kataong pamilya. Meron pa siyang ₱360.00 utang na binabayaran sa CARD Bank (Credit for Agricultural and Rural Development), liban pa sa ibang gastusin. Ngayon, mas maingat na siyang umaalis para sa pagpasok sa trabaho at iba pang gawain upang iwasan ang mga militar. Pinakamalala, umaabot sa daan-daang magsasaka at katutubo ang biktima ng paulit-ulit na iligal na interogasyon na ginagawa ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA at sa gayon ay paulit-ulit ding perwisyo sa hanapbuhay ang epekto.

Pinatawan rin ng curfew ang isang sityo sa loob ng isang linggong MCSPO sa parehong bayan. Sa ganitong patakaran, kailangang makauwi na ang mga residente ng alas-3 ng hapon. Bago ang curfew, hanggang alas-6 o alas-7 ng gabi nakakapagtrabaho ang mga masa sa kanilang mga lupa. Nagdudulot ito ng pagliit ng dami ng kanilang ang tanim at, siyempre, ang pagliit na rin ng kita mula sa pangangalakal ng mga produktong bukid.

Ganito rin ang nangyayari sa mga militarisadong sityo ng mga Mangyan-Buhid sa Brgy. Monteclaro at Naibuan, San Jose, Occidental Mindoro. Pinapayagan lamang silang lumabas ng alas-8 o alas-9 ng umaga at pinauuwi na bandang alas-4 ng hapon. Dati, alas-4 pa lang ng umaga naghahanda na sila para alas-6 ay makarating na sa kanilang kaingin na may layo pa na isa't kalahati hanggang dalawang oras mula sa baryo. Sa So. Mantay ng Monteclaro, mahigpit na ipinapatupad ng mga sundalo ang curfew sa pakikipagsabwatan sa sityo lider at ilang mga lokal. Ang pagkakaingin ng masa sa nasabing sityo ay para sa sariling konsumo. Ang labis na pagpapaikli sa oras ng trabaho, na nilimita ng hanggang tanghali na lamang, ay nagresulta sa kakulangan sa araw-araw nilang pagkain. Naiulat dito noong 2022 ang epidemya ng pulmonya sa baryo. 170 ang nagpakita ng sintomas habang may 20 ang namatay; kalakhan sa mga biktima ay mga batang limang taong gulang pababa. Diumano ang malaganap at matinding pagkakasakit ay dahil sa malnutrisyon. Dahil dito, napilitan ang mga taga-So. Mantay na magpailalim sa buwanang feeding program, habang ang 15-30 sa kanila ay nagpapaupa sa mga sundalo para maghakot ng suplay. May ulat rin na may 10 kababaihan ang napilitang magbenta ng katawan sa mga sundalo kapalit ng ₱2000.00 para sa isang gabi.

Sa iba namang sityo na kinampuhan rin ng mga sundalo sa Occidental gaya ng sityo Ibanig sa Brgy. Monteclaro at Salidang sa Brgy. Naibuan at

Cogon Ratag sa Brgy. Manoot, Rizal, tinutulan ng mga lokal at kanilang mga lider ang patakarang curfew. Noong una'y tumatakas lamang sila sa pagbabantay ng mga sundalo sa curfew, hanggang sa paglaon ay lantaran na nilang hindi sinusunod ang curfew. Iginiit ng mga lokal sa mga sundalo na makapagkaingin sila labas sa oras ng curfew.

Paghigpit sa Dalahin at Bilihin

Pinaghihigpitan din ang simpleng pagbili ng bigas at ibang batayang pangangailangan ng masa. Sa Occidental, naiulat ito sa San Jose; sa Oriental ay naiulat ang paghihigpit sa pamayanan ng mga katutubong Bangon sa Bongabong at maging sa Roxas. Sa Naibuan, binabantayan maghapon ng mga ahenteng paniktik ang tindahan at mga namimili. Ang sinumang bumili ng tatlo o limang kilo pataas ay iligal na iniinteroga niya sa may tindahan mismo o kaya susundan pauwi at saka kakausapin ng intel.

Pinagbibintangan ang mga masa ng pagbili ng suplay para sa NPA at pinagbabantaang ikukulong o kaya'y sasaktan. Sa ilang mga lugar, ininspeksyon ang naubos na suplay maghapon sa mga tindahan at iniinteroga ang mga tindero ukol sa mga namimili ng lagpas tatlong kilo ng bigas kahit pa karaniwang bumibili ng limang kilo hanggang kalahating kaban ang mga masa. Pati ang mga sityo lider ay pinagbabantaan at pinipilit na bantayan ang mga pinamumunuan. Sa kabila ng mga interogasyon, iginiit ng mga mamimili, katuwang ang lider, ang karapatan nilang bumili at ipinaliwanag na pambaon nila ang bigas kapag nagtatrabaho sa mga kaingin.

Sa isang karanasan naman ng isang di katutubong magsasaka sa Roxas, kinwestyon ng mga sundalo ang pagdadala niya ng bag na puno ang laman papunta sa kaingin at pinagbintangang "nag-aalaga ng NPA." Iginiit ng magsasaka na walang batayan ang akusasyon at sadyang kailangan niyang magbaon ng pagkain para sa maghapong pagtrabaho.



Paninira ng Kabuhayan

Walang-habas ring sinasalanta ng mga nag-ooperasyong militar at pulis ang ari-arian at kabuhayan ng mga Mindoreño. Pinakamalala ay ang sapilitang pagkaiwan/pag-abandona ng mga magsasakang biktima ng pambobomba at panggigipit sa kanilang mga produktibong kaingin, niyugan, sagingan, prutasan. Sa pinakamahinang kwenta, aabot sa libong ektarya ang apektado nito. Karaniwan ding kwento ng masa ang pagkasira ng mga pananim nila sa tuwing dumadaan ang mga sundalo. Laganap sa mga pamayanang nilulunsaran ng operasyong militar ang pagnanakaw at "pag-kumpiska" ng mga hayop.

Ibinahagi ng isang Mangyan-Hanunuo sa Mansalay na kinuha at hindi binayaran ng mga sundalo ang kinatay niyang tatlong manok, katumbas ng ₱900.00. Sa parehong bayan, noong Pebrero, hinalughog ng mga sundalo ang bahay ng isang masa sa Brgy. Panaytayan, ninakaw ang laman ng alkansyang aabot sa ₱3, 000 pati ang mga alagang manok ng masa. Sa San Jose, naiulat naman ang panunuog ng sundalo sa tatlong bahay-kaingin; bukod sa bahay-kaingin napinsala din ang dalawang kaban ng palay, mga gamit pantrabaho at damit ng masa.

Pasismo sa kanayunan, dagdag na pasanin sa mga magsasaka at katutubo

Ang pinaigting na militarisasyon sa isla tulak ng plano ni Marcos Jr. na ibenta ang mga lupa at yaman ng Mindoro sa mga dayuhan at dambuhalang negosyo. Ilan sa mga ito ang pagtatayo ng mga dambuhalang imprastruktura sa ilalim ng programang Build, Better, More, ang mga renewable energy project sa ilalim ng Energy Plan 2020-2040, Tamaraw Reservation and Expansion Program at iba pang proyektong ekoturismo at kuno'y pangkaunlaran. Imbwelto rin dito ang mga extractive at mapangwasak na operasyong pagtrotroso, pagmimina, kwari at dredging sa isla. Para maipasok

ang lahat ng ito kinakailangang pigilan ang paglaban ng libu-libong magsasaka at katutubong Mangyan na papalayasin mula sa kanilang panirikan at kabuhayan.

Sa kabila ng paghihikahos ng mamamayan, militarisasyon at karahasan ang isinusubo ng pasistang estado sa masang anakpawis at mamamayan sa isla at buong bansa. Nararapat lamang na magkaisa ang mga Mindoreño para magtanggol laban sa militarisasyon at pinsalang dala nito sa kanilang mga buhay at kabuhayan.

BANTAY KARAPATAN

Mga operasyon ng 203rd at PNP MIMAROPA, patuloy na rumaragasa sa Mindoro

Takot at ligalig ang hatid ng tuloy-tuloy na mga operasyong militar na inilunsad ng 203rd Infantry Brigade mula Abril hanggang Hunyo.

Sa mga militarisadong barangay sa bayan ng Pola, Socorro at Victoria, nagpanggap pa ang mga sundalo ng 76th Infantry Battallion (IB) na mga NPA para lang bigyang katwiran ang kanilang mga operasyon. Iligal din na pinapasok ng mga sundalo ang bahay ng mga masa, nangingikil, nananakot at pilit na pinaaamin ang mga masa na sila'y mga "*supporter* ng NPA." Gaya noong ipinailalim sa *red alert status* ang ilang mga barangay sa Pola matapos ang labanan sa pagitan ng 76th IB at NPA noong Pebrero, ipinataw muli ang paghihigpit sa kilos ng mga masa kabilang ang pagbabawal sa pagpunta sa mga bukid at pangisdaan. Hindi bababa sa walong barangay sa mga nasabing bayan ang sinalanta ng mga operasyon ng 76th IB mula Abril hanggang Hunyo. Sa iba pang bahagi ng isla, pang-aabusong militar din ang hatid ng operasyon ng iba pang mga batalyon ng 203rd at PNP MIMAROPA.

PAMBABANTA, HARASMENT AT PANANAKOT

Mula Enero, buwan-buwan na pinupuntahan ng mga ahente paniktik ang mga sityo ng Akliyang, Atoy, Bahayaw at Hingin sa. Brgy. Lisap, Bongabong. Pinagbibintangan ang mga masa rito na may kaugnayan sa yunit ng NPA na napalaban sa hulo ng sapa ng Bahayaw noong Disyembre 2024. Pinag-iinitan sa mga lugar na ito ang mga nakatira sa labas ng baryo o yaong mga araw-araw umahon sa mga kaingin dahil tiyak daw na sila ang nagtataguyod sa NPA. Maski ang pagpunta sa kaingin o pagbili ng pagkain ng mga masa ay mahigpit na minamanmanan ng mga sundalo.

Parehong pananakot din ang ginagawa ng mga nag-ooperasyong sundalo sa mga barangay ng Caburo, Malvar at Tagumpay sa bayan ng Naujan.



Sa bayan ng Mansalay, naiulat din ang pagpapabalik-balik ng mga ahente paniktik at sundalo sa ilang mga masa para sila'y takutin at alukin ng pagiging lokal na aset sa mga barangay ng Balugo at Waygan. May dalawa ring masa mula sa Brgy. Bonbon na pinatawag sa kampo noong maagang bahagi ng Hunyo kasabay ng operasyon ng mga sundalo.

ILIGAL NA DETENSYON AT INTEROGASYON

Sa Brgy. Bonbon pa rin, isang kabataan ang dinala ng mga sundalo sa kanilang pwesto matapos siyang maabutan ng mga sundalo habang naninilo. Pilit na pinaaamin ng mga sundalo na may kaugnayan ang kabataan sa NPA at pinitik din ang kanyang bayag. Pinag-iinitan ngayon ng mga sundalo ang nahuli nilang kabataan at laging hinahanap ang kabataan sa kanilang baryo.

KARAHASANG SEKSWAL

Nitong Abril, sa So. Sigao, Brgy. Lisap, makailang beses na nilapitan ng mga nakakampong sundalo ang mga kababaihan at bata sa baryo, kasama ang mga nagpapasusong mga nanay, at sinabihan silang gusto rin silang lahian. Lumikha ito ng pangamba sa hanay ng mga kababaihan kabilang ang mga nanay.

Sa So. Mantay, Brgy. Monteclaro, San Jose sa Occidental, nagwala ang isang upisyal ng mga sundalong nakakampo sa baryo at pinagsisigawan ang dalawang kababaihan na binayaran niya upang makipagtalik sa kanya.

KULTURA

Saan natatakot ang mga terorista?

ni Ka Linang

Grabeng takot siguro nila
para ang buhay ng isang bata
na walang alam kundi pagkalam
ng kaniyang tiyan
walang kalaban-laban
at wala namang kinalaman
sa anupamag tunggalian
ay kukunin pa nila.

Grabeng takot siguro nila?
Silang mga gahaman sa pera
at dumayo pa ng ibayong dagat
upang dambungin ang ating
masaganang lupa

Grabeng takot siguro nila?
Nang madiskubre nila
pagkatapos yurakan ang ating bukid,
bundok, ilog, dagat
Isang buong bayang nagkakaisa
ang kanilang makakaharap pala

Grabeng takot siguro nila?
Silang mga teroristang mas takot pa
kaysa sa kanilang mga biktima.
Silang pumapatay sa ngalan
ng luho at pera.

Oo, sukdulang takot ang nadarama nila
habang ang di na mabilang na biktima
ng kanilang pagmamalupit at pang-aapi
ay dumarami

Oo, sukdulang takot ang nadarama nila
pagkat ilanmang bukid ang
kanilang agawin,
ilang bundok ang kanilang kalbuhin,
katubigan ma'y kanilang
tangkaing lasunin,

Laksa-laksang hanay ng masang api
ang nagbabalikwas upang lagutin ang
pang-aalipin

Kaya...
Grabeng takot na lang nila!
Pagkat hindi na nila malaman
sinu-sino at nasaan ang kaaway nila.
Silang iilan-ilan lang na nagpapayaman
sa pagnanakaw sa milyun-milyong dukha.

Dapat silang matakot
pagkat ang iilan noon ay
libo-libo na ngayon.
Bumangon, nagmamartsa
at nagsusulong ng rebolusyon
Kaya ang kanilang sagot
ay tulak na ng desperasyon:
Ang lalong pagpapahirap,
panggugutom at pang-aalipusta,
ang pagpapaulan ng bala
at walang habas na pambobomba.

At ang sagot natin sa kanila?
Digma.
Makatarungan at makatwirang digma
na ating isusulong hanggang
sa tayo'y lumaya.





Ang ALAB ang rebolusyonaryong pahayagan sa Isla ng Mindoro.
Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas
(Marxismo-Leninismo-Maoismo) sa Mindoro.
Para sa anumang katanungan, komento, kontribusyon o mungkahi,
maaaring ugnayan ang patnugutan ng ALAB sa:
alabngdigmamindoro@gmail.com
@alabngdigmamindoro
Maaaring idownload ang kopya ng ALAB at iba pang rebolusyonaryong pahayagan sa www.cpp.ph